

Paksa: Aplikasyon Para sa Di-Nabayaranang Upa at COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA

Mahal na [Umuupa]

Mahalagang Kaalaman tungkol sa Iyong Di-Nabayaranang Upa

Ako ay nag-umpisa ng pinagsamang aplikasyon para sa programa ng Estado ng Californiang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA upang matulongang mapagtakpan ang naipong di-nababayaranang upa matapos ang Abril 1, 2020 sa iyong unit. Makakatanggap ka ng pasabi sa iyong email na magbibigay ng link upang mabuo ang bahagi ng umuupa sa ating pinagsamang aplikasyon. Hinihimok kitang buuin agad ang ating aplikasyon sa oras na masabihan ka ng Estado ng California upang mapabilis ang pagbabayad ng iyong di-nababayaranang upa. Hindi mapoproseso ang aplikasyon kung hindi tayo parehong makikilahok.

Detalye ng Programa/Pagiging Karapat-dapat

Para maging karapat-dapat sa programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA, ikaw o isang kabilang sa inyong samabahayan ay dapat na a) tuwiran o di-tuwirang nasalanta ng COVID-19; b) may nakalampas na bayarin sa upa o utilities (maaari ring mag-apply para matulungan sa pagbayad ng upa o utilities sa hinaharap); at c) dapat kwalipikado ang inyong sambahayan ayon sa inyong kita (ang Estado ang magpapasya nito para inyo pag kayo ay nag-apply). Para malaman kung ikaw/kayo ay karapat-dapat, tumungo sa [HousingsKey.com](https://www.housingskey.com).

Bago mag-apply, makakatulong kung maihahanda na ang mga sumusunod:

- Ang iyong 2020 Tax Return; o
- 2020 W2 at 1099G kung kayo ay hindi nagtatrabaho; o
- Kasalukuyang pay stubs; o
- Katunayang ng paglahok sa isang programang tulong sa pananalapi ng pamahalaang estado o pederal (mas katanggap-tanggap ang iyong 2020 o 2021 liham ng pagtanggap o pagpapanibago; AT
- Katunayan ng Pagkakakilanlan; AT
- Mga utility invoices o kasulatan ng hindi nabayaranang utility, tubig, basura at bayarin sa internet matapos ang Abril 1, 2020.

Matapos na maibigay ang bahagi ng umuupa ng ating aplikasyon, maaaring tawagan ka ng tauhan ng programa para sa karagdagang kaalaman kung kinakailangan. Ang pagiging karapat-dapat sa tulong sa pamamagitan ng programang ito ay ibabatay sa kaalaman ukol sa iyong sambahayan, at ang bahagi ng umuupa ng ating aplikasyon ay dapat buuin bago isaalang-alang sa tulong.

Pagiging Lihim ng Kaalaman at Iba pang Pakinabang ng Estado

Lahat ng iyong kaalamang ibibigay sa proseso ng aplikasyon ay mananatiling lihim at hindi maibabahagi sa akin. Ang mga tulong mula sa programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA ay **HINDI** makakagambala sa iyong pagiging karapat-dapat sa anumang iba pang pakinabang mula sa mga programang pantulong ng Estado o Pederal, gaya ng CalFRESH o CalWorks. Ang mga aplikante ay

maaaring maging kuwalipikado anuman ang katayuan sa imigrasyon at hindi kailangang patunayan ang pagkamamamayan.

Kung kailangan ng tulong para malaman ang pagiging karapat-dapat, pagsagot sa aplikasyon o tulong sa kawikaan, tumawag sa 833-430-2122.

Maraming salamat,

[Nagpapaupa]